

Alamin ang Limitasyon ng Karunungan ng Tao

Bishop Daiji TANI
Catholic Diocese of Saitama

Dumaan na ang mainit na tag-araw. Maliban sa nuclear power plant sa bayan ng Ōi, Fukui Prefecture, na pinamamahalaan ng Kansai Electric Power Company, lahat ng nuclear reactor sa buong bansa ay ini-off line. Sa pagsisikap na magtipid sa enerhiya ng lahat ng naninirahan sa Japan, sa pakikipagtulungan ng sektor ng mga industriya, at sa pagsisikap din ng mga kumpanya sa elektrisidad, nagkaroon ng sapat na suplay ng elektrisidad sa buong panahon ng tag-init. Isa itong patunay na pwede tayong mamuhay ng walang enerhiyang nukleyar. Sa pamamagitan ng pagpapaunlad at malawakang paggamit ng renewable natural energy resources, malalayon nating mabuo ang isang lipunang mas eco-friendly.

May limitasyon ang sangkatauhan. Nagkaroon ng pag-unlad sa agham at teknolohiya sa pamamagitan ng katalinuhan ng tao. Gayunpaman, sapagkat kinikilala natin ang ating mga limitasyon kaya nagkakaroon ng pag-unlad. Kung di natin tinatanggap ang ating mga limitasyon, nawawalan ng puwang ang kaunlaran. Lahat ng tao ay may limitasyon. Lahat tayo ay may kahinaan. Ang mitolohiya ng kaligtasang nukleyar ay nagmula sa ating pagkabigo na tanggapin ang mga limitasyong ito.

Napanood ko sa TV ang isang may katandaang Italyana, kinakapanayam siya noon sa panahon ng pambansang reperendum kung pabor o di pabor ang mga mamamayan sa pagkakaroon ng mga plantang nukleyar. Aniya: "Kahit ang masisigasig at maiingat na mga Hapones ay nagkaroon ng isang aksidenteng nukleyar. Isipin mo kung ano ang mangyayari kung ang mga taong carefree at laid-back tulad nating mga Italyano ang mayroong mga plantang nukleyar? Kakila kilabot." Napatawa ako sa narinig kong ito subalit ako ay napahanga sa Italyana sa kanyang katalinuhan na malaman ang ating mga limitasyon bilang tao.

Isipin na lamang natin ang matinding sakripisyong tinitii ng mga tao mula nang maganap ang aksidente sa Fukushima No. 1 Nuclear Power Plant; at isipin din ang mga di pa nareresolbang epekto ng aksidenteng iyon magpahanggang ngayon. Aabot ng 40 taon o higit pa para ang lahat ng mga nuclear reactors ay maging fully decommissioned. Samantala'y patuloy na mapanganib ang napinsalang power plant. Ang Nuclear Power Plant sa Ōi City ay na-restart sa kabila na hindi pa naisusumite ang report ng Accident Investigation Committee. Isang kahangalan at padalos-dalos ang aksyong ito na tila di pinag-isipan ng malaliman. Pagkaraan ng restart ng planta, naglabas ng pinal na report sa Diet ang Independent Nuclear Accident Investigation Commission. Papanong sila'y nagharap ng isang "final report" nang hindi lubusang naunawaan ang aksidente o

na hindi ganap na nalalaman ang tunay na kalalagayan sa loob ng nuclear reactors? Nakakamangha na wala man lang nabanggit ang report tungkol sa nagamit nang nuclear fuel rods sa reactors!

Ang tendensiya ng Nuclear Energy Administration na may pagtakpan; ang pagtatago ng impormasyon; lihim na mga pulong; mga pulong para tanggihan ng pampublikong reperendum; at ang saloobing defensive at self-protective ay nakatuon lamang sa pagbibigay-katarungan sa sarili at sa mabilisang pagkita. Bago magtanong kung, sa marangal na ngalan ng sangkatauhan, sinubukan kaya ba nilang wariin ang kanilang mga limitasyon bilang tao, wala na akong choice kung hindi sabihin na ang mga ganitong saloobin at gawain ay naglalatag ng mga suliranin na kukwestyon sa kanilang dignidad bilang tao. Sa kasalukuyan, tuluyan nang nawalan ng tiwala sa kanila ng mga lokal na residente.

Kailangan nating magpakumbaba sa harap ng Panginoon. Mas makabubuti, na kailangan nating makinig ng may kapakumbabaan sa tinig ng mamamayan; kailangan natin ng tapang na tanggapin ang matrahedyang katotohanan ng nuclear accident at tanggapin ang hangganan ng agham at teknolohiya. Kung nasa atin ang karunungan upang alamin ang mga hangganan ng sangkatauhan, at sa kaalaman na ang isang nuclear accident ay maaring di kayang makontrol, wala na tayong opsyon kundi piliin ang abolisyon ng mga plantang nukleyar.

Sa Saitama Diocese, sa Tokai No. 2 nuclear power plant na nananatili pa rin sa Ibaraki Prefecture, naganap ang aksidente noong 1999 kung saan nagging kritikal ang isang nuclear reactor. Kung hindi nakontrol ang reactor, marahil ay isang milyong tao ang naging mga refugees. Kung taglay natin ang karunungan upang alamin ang limitasyon ng tao, isulong natin ang pagaalis ng nuclear power. Ani, G. Ryuichi Sakamoto sa isang pagpupulong sa pag abolish ng nuclear power, "Hindi tayo sibilisado kung mananahimik lang tayo pagkatapos ng naganap sa Fukushima." Upang pangalagaan ang buhay ng ating mga anak, at upang huwag nang pagdusahan pa ng mga ipapanganak pa ng higit pa sa ating pinagdadaanan ngayon, dapat nating ilakas ang ating mga tinig para sa abolisyon ng nuclear power.